KURUSAKA

NANGUNA, KUMITA, GUMINHAWA

Kwento ni **Blacio Akinchang**, 70, magsasaka mula sa Barlig, Mountain Province

JAYVEE P. MASILANG

Dito sa amin ay marami pa rin ang hirap sa buhay. Kaya ako nagpursige upang maiangat ang aming pamumuhay.

Binata pa lang ako nang sinimulan kong itanim sa aking dalawang ektaryang sakahan ang *Uminio* – isang tradisyunal na barayti ng palay na mas kilala bilang *black rice*. Natutuhan ko ang pagtatanim ng *Uminio* mula sa aking mga magulang noong bata pa lamang ako.

Noong una, walang nagtatanim ng *Uminio* sa amin dahil hindi ito sikat sa mga taga-rito. Nag-aalangan ang mga magsasaka na baka walang pagbebentahan ng maaani nila. Pero naglakas-loob akong subukang itanim ito at umani nga ako ng marami at maganda! Nang nakita ito ng ibang magsasaka ay naenganyo silang subukan ding itanim ang *Uminio*.

BILI NA, ITALYA

Hindi lamang magandang ani at kita ang naidulot sa akin ng *Uminio*. Sa rekomendasyon ng aming *municipal agriculturist*, nabigyan ako ng pagkakataong makapunta sa Italya bilang isa sa mga kinatawan ng ating bansa sa isang *world meeting* ng mga magsasaka. Sa naturang pagtitipon, ako at mga kasama kong taga-Ifugao, bihis-na-bihis sa mga kasuotang Pilipino, ang nagpakilala ng ating mga tradisyunal na barayti at pamaraan sa pagpapalayan gaya ng paggamit ng dayami bilang pataba, na ginagawa na namin simula pa noon. Dagdag pa rito, nakapagbenta rin kami ng aming mga produkto sa Italya. Naipagbili ko ang aking *Uminio* sa halagang 10 *euro* o mahigit P400 kada isang kilo; P70 lang dito sa Pilipinas.

Kung binhi naman ang pag-uusapan, sinisigurado namin na de-kalidad lahat ang aming mga binhi. Para maihiwalay ang hindi magandang binhi, inilalagay namin ang lahat ng buto sa isang balde na may tubig at asin, at ipinatutuka namin sa manok ang mga lulutang na binhi. Ang mga lumubog na butil ay ang mga magagandang binhi at siyang ginagamit sa pagpupunla.

Isa pang magandang dulot ng pagtatanim ng Uminio dito sa amin ay nagawa nitong tuluy-tuloy ang produksyon ng palay na maaari naming ibenta. Noon kasi ay halos pangkain lang ng aming mga pamilya ang aming inaaning palay. Dahil din dito, nabigyan kami ng Kagawaran ng Agrikultura ng mga makinarya sa pagsasaka tulad ng giikan, kiskisan, at iba pa. Nagsasagawa na rin dito ng mga seminar o pagsasanay para matulungan kaming mga magsasaka na mapaganda ang aming ani at kita.

Dalawang beses kaming nagtatanim at umaani rito sa loob ng isang taon. Magkaiba ang aking itinatanim na barayti sa bawat taniman. Maliban sa *Uminio*, nagtatanim na rin ako ng *Akangan* na pangkain namin sa bahay. Mas mahal pa rin kasing naibebenta ang *Uminio*.

MAHAL KONG LUYA

Ilan pa sa aking mga pinagkukunan ng kita ay ang pagtatanim ng kape (Arabica) at luya. Marami sa mga magsasaka rito sa amin ay nagtatanim din ng mga ito. Ilan sa kanila ay mga kapwa ko miyembro ng *Kadaclan Farmers Association*. Malaking tulong ang samahan sa aming mga magsasaka dahil dito na kami kumukuha ng binhi kung kailangan at iba pang tulong sa pagsasaka.

Hindi ko sukat akalain na may maraming magandang maidudulot ang pagtangkilik ko sa mga tradisyunal na barayti natin. Nang dahil sa pagtatanim ng *Uminio*, hindi lamang lumaki ang aking kita, nakapunta sa ibang bansa, kundi lumawak pa ang ugnayan ko at ng aking mga kasamahan sa ibang mga ahensya at organisasyon na tumutulong sa amin na mapaganda pa ang aming ani . Sa tanda kong ito, nakatutuwang isipin na nagbunga rin sa wakas ang aking nasimulan noon. ●